# Espesyal na Halalan sa Mayo 2023

# Pamplet para sa Mga Botante ng Deschutes County sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

Minamahal Naming Botante ng Deschutes County:

Ito ang iyong Pamplet ng Botante para sa Halalan para sa Espesyal na Distrito ngayong Mayo 16, 2023 na ibinibigay ng opisina ng Clerk ng Deschutes County. Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng Deschutes County.

Naglalaman ang pamplet na ito ng mga panukalang-batas sa balota at mga pagpapaliwanag na pahayag na dinisenyo para magbigay ng walang kinikilingang impormasyon. Naglalaman din ito ng mga bayad na argumento para sa o laban sa ilang partikular na panukala. Maaari ding magbayad ang mga kandidato para maglagay ng pahayag sa pamplet.

Ipapadala sa koreo ang mga balota sa Miyerkules, Abril 26, 2023, sa bawat nakarehistrong botante. Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

- **Ipadala** ang iyong sinagutang balota sa sobreng kasama na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope) o **ihulog ito** sa isang opisyal na lokasyon ng hulugan ng balota nang hindi lalampas sa **alas-8 ng gabi, Martes, Mayo 16, 2023**. Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre ng balota.
- Magbubukas ang mga hulugan ng balota sa Biyernes, Abril 28. Tingnan ang pahina ng Lugar ng Hulugan ng Balota sa pamplet na ito para sa higit pang detalye.
- Makikita ang mga pangalan ng kandidato sa iyong balota nang hindi alpabetikong magkakasunod. Alinsunod sa ORS 254.155, ang hindi magkakasunod na pagsasaayos ng mga letra ay isinasagawa bago ang bawat halalan.
- Hindi lahat ng kandidato o panukalang-batas sa Pamplet na ito ng mga Botante ay makikita sa iyong balota. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan karapat-dapat kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira.
- Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng impormasyon para sa Pamplet ng mga Botante, kaya maaaring may mga kandidato ka sa iyong balota na wala sa Pamplet ng mga Botante.
- Ang Pamplet na ito ng Botante ay makikita online sa www.deschutescounty.gov/elections.. Pagkatapos ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post online sa www.deschutescounty.gov/ElectionResults..
- Kung inihatid ang balota sa iyong tirahan para sa isang tao na hindi na dapat nakakatanggap ng balota sa iyong address, pakisulat ang “RETURN” sa sobre at ibalik ito sa iyong mailbox.
- Ang pirma sa bawat sobre para sa pagbabalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa pirma ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga pirma bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong pirma, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

Mahalaga ang mga Tatak-koreo! Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Martes, Mayo 23, ay tatanggapin.

# Impormasyon sa Pagboto

## Pagpaparehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Espesyal na Halalan sa Mayo 16, 2023, dapat na may tatak na pang-koreo ang isang nakumpletong card ng rehistro ng botante pagsapit ng Martes, Abril 25, 2023.

**Halalan para sa Espesyal na Distrito sa Mayo**
Ang lahat ng botante sa Halalan para sa Espesyal na Distrito sa Mayo 16, 2023 ay makakatanggap ng parehong balota nang hindi alintana ang kaakibat na partidong pampulitika.

**Upang magrehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:**
1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagsapit ng Araw ng Halalan.

**Dapat mong i-update ang iyong rehistro kung:**
1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o mailing address.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaakibat na partido.

## Mahalagang Tandaan:

Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistro, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Deschutes County Elections Office sa (541) 388-6547 para sa higit na impormasyon.

## Mga Botante na May Kapansanan:

Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Deschutes County Elections Office sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang kawani para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi nauugnay sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

May magagamit na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante. Upang umorder, makipag-ugnayan sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411 o TTY (503) 232-8408.

# Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Pipirmahang isasauling sobre na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope)

## Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:

Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang bibilugan para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat kategorya. Upang bumoto, ganap na punan ang bilog (⬬) sa tabi ng iyong napili gamit ang bolpen (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

## Suriin ang iyong balota:

Tiyakin na namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat kategorya. Maaaring naglalaman ng mga kategorya ang magkabilang pahina ng iyong opisyal na balota.

## Maghandang ibalik ang iyong balota:

Ilagay ang iyong balota sa isasauling sobre na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope). Titiyakin ng kawani ng halalan ang pagiging lihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa isasauling sobre at pumirma sa signature box.

## Pagpirma ng iyong sobre para sa pagbabalik ng balota (ballot return envelope):

Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi napirmahan ang isinauling sobre. Ang bawat pirma ay kinukumpara sa pirma sa file noong nagparehistro at dapat na tumugma ang pirma para mabilang ang balota.

## Ibalik ang iyong balota:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong pinagbotohan na balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 16, 2023.
- **Saanmang opisyal na hulugan (drop site):** Ihatid ang pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota sa isang opisyal na hulugan ng balota (drop site) nang hindi lalampas sa 8 pm sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng selyo.

**Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga kategorya/ panukalang-batas sa magkabilang pahina.**

## Makipag-ugnay sa:

Deschutes County Elections
(541) 388-6547 Deschutescounty.gov/elections
1 (866) ORE-VOTES (se habla Español)
www.oregonvotes.gov
TTY 1 (800) 735-2900

# Paano Isumite ang Iyong Boto

## 1. Kumpletuhin ang iyong balota

- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
- Upang bumoto para sa isang tao na wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linyang "write-in", pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
- Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

## 2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinapahintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kategoryang iyon.
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.
- Makipag-ugnayan sa Deschutes County Elections Office sa (541) 388-6547 para humiling ng kapalit na balota kung:
  - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
  - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
  - nawala ang balota mo

## 3. Ipasok ang balota at pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota

- Ipasok lamang ang <u>iyong</u> balota na ginamit mo sa pagboto (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng <u>iyong</u> sobre para sa pagbabalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
- Dapat mong pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto.**
- Ang pirma sa bawat sobre para sa pagbabalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa pirma ng botanteng nasa file.

Dapat magkatugma ang mga pirma bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong pirma, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

## 4. Ibalik ang iyong balota

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong pinagbotohan na balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 16, 2023. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Martes, Mayo 23, ay tatanggapin.
- **Saanmang opisyal na hulugan (drop site):** Ihatid ang pinirmahan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota sa isang opisyal na hulugan ng balota (drop site) nang hindi lalampas sa 8:00 pm sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng selyo.

# Mga Opisyal na Lokasyon ng Hulugan ng Balota

### Huwag Ipagpaliban, Bumoto Ngayon!

**Ihulog** ang iyong balota sa isang opisyal na lokasyon ng hulugan ng balota nang hindi lalampas sa **alas-8 ng gabi, Martes, Mayo 16, 2023**.
Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre ng balota.

## Mga Oras na Bukas ang Lugar ng Hulugan ng Balota:

**Magbubukas:** Biyernes, Abril 28, 2023
**Magsasara:** Araw ng Halalan, Martes, Mayo 16, 2023, **alas-8 ng gabi**

## Mga Lokasyon ng Hulugan ng Balota:

## <u>Bend</u>

**Deschutes Services Center**
1300 NW Wall St, Bend
*(Walk-up at Drive-through, Panlabas na Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)*

**Deschutes County Road Department**
61150 SE 27th St, Bend
*(Matatagpuan sa dulong timog ng parking lot)*

**Old Mill**
459 SW Bluff Dr, Bend
*(Ang box ay matatagpuan sa maliit na burol sa itaas ng Old Mill District sa parking lot sa timog ng Hilton Garden Inn hotel)*

**Bradbury Park & Ride**
1000 SW Bradbury Way, Bend
*(Ang box ay matatagpuan sa tapat ng Park & Rec Pavilion malapit sa Simpson at Columbia)*

**Pine Nursery Park**
3750 NE Purcell Blvd, Bend
Bukas sa karaniwang oras ng negosyo ng parke
*Matatagpuan ang box sa dulong silangan ng paradahan*

## Redmond (Mga Bagong Lokasyon)

**Deschutes County Expo Center (Fairgrounds)**
3800 SW Airport Way, Redmond
*Matatagpuan sa rotonda sa dulong silangan ng paradahan*

**Paradahan sa tapat ng Centennial Park**
(Pansamantalang inilipat mula sa Redmond Library)
716 SW Evergreen, Redmond
*(Matatagpuan ang box sa dulong hilaga ng paradahan)*

## La Pine

**La Pine Public Library**
16425 1st St, La Pine
(1st St & Huntington Rd)

## Sisters

**Munisipyo ng Sisters (Sisters City Hall)**
520 E Cascade Ave, Sisters
(Matatagpuan sa harap ng Munisipyo)

## Sunriver

**Sunriver Public Library**
56855 Venture Ln, Sunriver
(Sunriver Business Park)

**-- O --**

**Ipadala sa koreo** ang iyong sinagutang balota gamit ang isasauling sobre na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope) nang hindi lalampas ng **8 pm, Martes, Mayo 16, 2023**. Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre ng balota. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Mayo 23, ay tatanggapin.


County Clerk's Office, 1300 NW Wall St, Suite 202, Bend
**Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 5 pm | Araw ng Halalan, 7 am hanggang 8 pm**
**— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —**

# Mga Direksyon papunta sa Iyong mga Pinakabagong Lugar ng Hulugan ng Balota

***Hanapin ang mga karatula at banner na magdidirekta sa iyo sa mga hulugan ng balotang ito.***


**Ang Redmond Library Ballot Drop Box ay Pansamantalang Inilipat sa Paradahan sa SW Evergreen Ave at SW 7th St, Redmond**

Kasalukuyang ginagawa ang Redmond Library hanggang sa inaasahang petsa ng pagkumpleto sa Hunyo 2024. Ipapaskil ang karatula na magdidirekta sa mga botante na pumasok sa paradahan sa SW 7th St at lumabas sa SW Forest Ave.




**Deschutes County Expo Center (Fairgrounds)**
**3800 SW Airport Way, Redmond**

Ang drive-through box ay matatagpuan sa rotonda sa dulong sillangan ng paradahan.




## *.... Mga Paalala ....*

**Ang Iyong Pakete ng Balota**

Maglalaman ang iyong pakete ng balota ng higit-kumulang sa mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Sobre para sa pagbabalik ng balota, na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope)

**Pagpirma ng Iyong Sobre para sa Pagbabalik ng Balota (Ballot Return Envelope)**

Huwag kalimutang pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota.
Ang pirma sa bawat sobre para sa pagbabalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa pirma ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga pirma bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong pirma, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

**Pagbabalik ng Iyong Balota**

Hindi kinakailangan ng selyo.
Ipadala sa koreo pagsapit ng Araw ng Halalan, Martes, Mayo 16, 2023.

# Halalan sa Deschutes County 2024 “I Voted” Sticker Contest

Inaanyayahan ng Opisina ng Klerk ng Deschutes County ang mga lokal na mag-aaral na sumali sa **Deschutes County “I Voted” Sticker Contest**. Hinihikayat ang mga K-12 na mag-aaral na magdisenyo ng sticker na "Bumoto Ako" ("I Voted") na gagamitin sa 2024 na Presidential Primary at Pangkalahatang halalan (General elections), at itatampok sa Pamplet ng Mga Botante sa bawat halalan.

Ang mga isusumiteng disenyo ng sticker sa elementarya (K-5) ay tatanggapin hanggang sa katapusan ng taon, at iaanunsyo ang nanalo sa Pebrero 2024. Ang mga isusumiteng disenyo ng sticker sa middle-high school (6-12) ay tatanggapin hanggang sa katapusan ng taon, at iaanunsyo ang nanalo sa Agosto 2024. Gagamitin ang nanalong likhang sining sa mga pang-halalang materyales, promotion at pagtulong ng Deschutes County, at ipapakita sa buong Deschutes County Services Building sa kabayanan ng Bend.

## Mga Detalye ng Contest

Makukuha ang "I Voted" Sticker Contest Entry Form at  Design Template sa Opisina ng Clerk at maida-download sa website ng Halalan sa Deschutes County: www.deschutescounty.gov/ artcontest.

Dapat ipadala o ihatid ng mga mag-aaral sa elementarya (K-5) ang kanilang mga entry bago o pagsapit ng Disyembre 31, 2023.

Dapat ipadala o ihatid ng mga mag-aaral sa middle-high school (6-12) ang kanilang mga entry bago o pagsapit ng Hunyo 30, 2024.

**Nang Personal:** Deschutes County Clerk's Office, 1300 NW Wall Street, Ste 202, Bend

**Sa pamamagitan ng koreo:** Deschutes County Clerk's Office, “I Voted” Sticker Contest, PO Box 6005, Bend, Oregon 97708

**Email:** artcontest@deschutescounty.gov

### Mga Panuntunan sa 2024 “I Voted” Sticker Contest

- Pabilog na disenyo ng sticker na "I Voted" (ay babaguhin ang laki upang magkasya sa isang sticker na may dalawang pulgada (2") na diyametro
- Tinatanggap ang mga gawa sa kamay at digital na disenyo
    - Ang mga digital na isusumite ay dapat may pinakamababang resolusyon na 300 ppi
    - Ang mga isusumiteng gawa sa kamay ay dapat iguhit sa puting papel
- Ang mga disenyo ay dapat na walang pinapanigang partido at hindi dapat tumutukoy sa anumang pangkat sa pulitika
- Dapat na may kulay pula, puti, at asul man lang ang mga disenyo
- Dapat na orihinal na gawa ang mga disenyo at hindi maaaring gumamit o muling gumamit ng anumang koleksyon ng imahe na hindi sa kanila (walang clip art o naka-copyright na koleksyon ng imahe)

# Panukalang Batas 9-157 – La Pine Rural Fire Protection District

**Caption:**

Limang Taong pagpataw ng buwis pang-operasyon para sa pagkuha ng mga bumbero/kawani para sa medikal na emerhensya

**Tanong:**

Dapat bang maglabas ang LRFPD ng limang taong buwis pang-operasyon, simula Hulyo 2023, upang mapabuti ang paghahanap ng mga bumbero at kawani para sa medikal na emerhensya? Ang panukalang ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit sa tatlong porsyento.

**Buod:**

Ang panukalang ito ay magbibigay ng pahintulot sa La Pine Rural Fire Protection District na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang pagkuha ng karagdagang mga bumbero/tauhan ng EMS. Ang panukala ay mag-aatas ng lokal na opsyon na buwis pang-operasyon sa halagang hindi lalampas sa $0.64 kada $1000 ng nabubuwisang natasang halaga sa Distrito sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2023. Ang kita mula sa pagpapataw ng buwis ay gagamitin para madagdagan ang mga tauhan upang matiyak ang sapat na oras ng pagtugon sa emerhensya. Tumaas nang husto ang mga tawag pang-emerhensya sa nakalipas na ilang taon. Ang mga nalikom na pondo ay:

* Makakatulong sa pagkuha ng hanggang 9 na karagdagang bagong bumbero/EMS na posisyon
* Makakatulong na gawing handa ang 3 tauhan sa lahat ng oras para sa pagtugon sa emerhensya sa loob ng Distrito
* Magbigay ng mahahalagang serbisyong pang-emerhensya/pagtatalaga ng kawani sa mga panahon kung kailan marami ang tawag na pang-emerhensya, mga transportasyon palabas ng lugar at mga kaganapan sa magkaugnay na wildland/lungsod).

Ang mga tinatayang kita sa loob ng 5 taon ay:

| Piskal na Taon | Tinatayang Taunang Kabuuan |
|---|---|
| 2023-24 | $1,379,698 |
| 2024-25 | $1,421,089 |
| 2025-26 | $1,463,722 |

| | |
|---|---|
| 2026-27 | $1,507,633 |
| 2027-28 | $1,552,862 |

Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang panukalang ito ay magpapahintulot sa Distrito na kumuha ng mas maraming bumbero/EMS na tauhan upang tumulong na matugunan ang mga pang-emerhensyang pangangailangan ng ating lumalaking komunidad:

- Tumaas ng 56% ang mga tawag pang-emerhensya sa nakalipas na sampung taon.
- Ang mga sasakyang pang-emerhensyang naghahatid sa ospital sa Bend, na nagdadala ng mga bumbero/EMS palabas ng Distrito nang higit sa 2 oras, ay dumoble sa nakalipas na 3 taon.
- Mahigit 600 beses na tumugon ang Distrito sa 2 o higit pang magkakasabay na tawag na pang-emerhensya noong 2022.
- Sa 183 kaso, walang tauhan sa loob ng Distrito na maaaring tumugon sa mga tawag na pang-emerhensya.

Ang mga kasalukuyang halaga ng buwis ay hindi tumaas mula noong 1998; nakatakdang ituloy ang umiiral na buwis sa 2024 na may pag-apruba ng botante. Ang bagong lokal na buwis pang-operasyon na ito ay magbibigay-daan sa pagdaragdag ng hanggang 9 na karagdagang bumbero/EMS na kawani, na nagbibigay ng karagdagang tauhan na tutugon sa mga emerhensya sa lahat ng oras. Ang buwis ay magiging $0.64/$1000 na tinasang halaga ng ari-arian. Ang isang bahay na nagkakahalaga ng $200,000 ay magbabayad ng $128 bawat taon ($10.66/buwan).

Ang buwis na ito, kasama ng iba pang mga buwis at bayarin, ay magbibigay ng mahalagang pondo na:

- Makakatulong para magkaroon ng 3 tauhan sa lahat ng oras para tumugon sa emerhensya.
- Bawasan ang mga oras ng pagtugon, lalo na sa mga panahon na may maraming tawag na pang-emerhensya.
- Magbigay ng mahahalagang serbisyong pang-emerhensya sa mga panahon na may maraming tawag na pang-emerhensya, mga transportasyon palabas ng lugar at mga sunog sa magkaugnay na wildland/lungsod.
- Pagbutihin ang mga pagsisikap para sa pag-iwas sa sunog sa loob ng Distrito.

May mga dalubhasa at propesyonal na bumbero ang La Pine Rural Fire Protection District pati na programa para lubos na makibahagi ang mag-aaral habang naninirahan doon at isang grupo ng mga boluntaryong nagbibigay-serbisyong pangsuporta at naglalaan ng mahahalagang serbisyong pang-emerhensya sa komunidad. Kilala ang Distrito sa mahusay at epektibong paggamit ng mga pondo ng tagabayad ng buwis, sinusulit ang pagbawi sa gastos at mga oportunidad sa pagkakaroon ng pondo sa pamamagitan ng pinakamahusay na mga kasanayan sa pamamahala, patuloy na mga proseso para sa estratehikong pagpaplano, sampung taong pagpaplano ng badyet, at patuloy na pagsusuri at pagpapabuti sa mga sistema ng paggastos at pagkakaroon ng kita. Pinapanatili nito ang mga kagamitan at pasilidad ng komunidad nang walang utang. Ang limang nahalal na Direktor ng Distrito ay may makabuluhang karanasan sa pampublikong pamamahala sa emerhensya, negosyo at pangangalagang pangkalusugan. Itinatakda ng mga Direktor ang mga layunin ng serbisyong pang-Distrito at nangangasiwa ng mga operasyon kaugnay ng pagpatay ng sunog at EMS. Ang Distrito ay may taunang panlabas na pag-audit sa pananalapi at pamamaraan nito na bukas para sa pampublikong pagsusuri.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Doug Cox ng La Pine Rural Fire Protection District*

# Panukalang-Batas 9-158 – Lungsod ng Bend

**Caption:**

**Limang taong lokal na opsyon na buwis para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at medikal na emerhensya.**

**Tanong:**

Dapat bang maglabas ang Bend ng limang taong lokal na opsyon na buwis na $.76/$1,000 na tinasang halaga para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya simula Hulyo 2024?

Ang panukalang ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**Buod:**

Ang panukala, kung maaprubahan, ay nagbibigay pahintulot sa Lungsod ng Bend na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang taunang halaga ng mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at medikal na emerhensya. Ang panukala ay maglalabas ng lokal na opsyon na buwis pang-operasyon sa halagang hindi lalampas sa $0.76 bawat $1,000 na tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2024. Ang naunang buwis na $.20/$1,000 na tinasang halaga ay magtatapos sa Hunyo 30, 2024, at sa pagtatapos nito ay papalitan ng buwis na ito. Ang kita mula sa buwis ay gagamitin para magkaroon ng sapat na tauhan na may layuning matiyak na sapat ang oras ng pagtugon. Maaari ding suportahan ng pagpopondo ang karagdagang pagsasanay at kagamitan na kinakailangan upang mapanatili ang mga serbisyo.

Ang mga tinatayang kita sa loob ng 5 taon ay:

2024-2025$11,765,000
2025-2026 $12,353,000
2026-2027 $12,971,000
2027-2028 $13,619,000
2028-2029 $14,300,000

Kung ang pinakamataas na buwis ay tinasa, ang tinatayang kabuuang kita na nalikom sa loob ng limang taon ay humigit-kumulang $65,008,000.

Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong nakuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang panukala, kung maaprubahan, ay magbibigay pahintulot sa Lungsod ng Bend na magpataw ng mga buwis para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya sa halagang $.76 na sentimo bawat $1,000 tinasang halaga ng ari-arian sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2024. Kung maaaprubahan, ang pagpapataw ng buwis ay makakalikom ng tinatayang $11,765,000 sa piskal na taong 2024-25, at tinatayang kabuuan na humigit-kumulang $65,008,000 sa loob ng limang taon. Inaprubahan ng mga botante ang $.20/$1,000 tinasang halaga para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya noong 2014 at 2018; magtatapos ang buwis na iyon sa Hunyo 2024.

Ang Bend Fire & Rescue ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-apula ng sunog, emerhensyang pangangalagang medikal at transportasyon, teknikal na pagsagip, at pag-iwas sa sunog. Ang populasyon ng Bend at ang pangangailangan sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya ay patuloy na tumataas. Sa pagdami ng tawag, dapat na magdagdag ng kinakailangang kawani na makatutugon para maibigay ang mataas na pangangailangang ito at mapanatili ang naaangkop na mga oras ng pagtugon sa tawag. Ang kita mula sa buwis na ito ay gagamitin upang magdagdag ng mga tauhan para matiyak ang sapat na mga oras ng pagtugon sa emerhensya, na magdudulot ng mas mahusay na mga resulta sa pasyente. Maaari ding suportahan ng pagpopondo ang karagdagang pagsasanay at kagamitan na kinakailangan upang mapanatili ang mga serbisyo.

Kung maaprubahan, ang iminungkahing buwis ay gagamitin para sa pagbayad ng mga sumusunod:

- Pagpapanatili ng mga tauhan upang matiyak na may sapat na kawaning makapagbibigay ng mga napapanahong serbisyo sa mga sitwasyong pang-emerhensya.
- Pagdaragdag ng bumbero/mga paramedic na magsisilbing tauhan sa ikaapat na Advanced Life Support na ambulansya upang makaalinsabay sa pagdami ng mga tawag para sa mga medikal na emerhensya.
- Pagdaragdag ng mga Emergency Medical Technician na magsisilbing tauhan sa pangalawang Basic Life Support na ambulansya na maaaring tumugon sa mga tawag na walang banta sa buhay at panatilihing mayroong mga sasakyang pang-emerhensya.
- Bumbero at kagamitang pangkaligtasan para sa medikal na emerhensya.
- Mga kasangkapan para sa pag-apula ng sunog at medikal na emerhensyang pagtugon.
- Mga pagpapahusay sa teknolohiya.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Robyn Christie*

# Panukalang-Batas 9-159 – Deschutes County Rural Fire Protection District #2

**Caption:**

**Limang taong lokal na opsyon na buwis para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at medikal na emerhensya.**

**Tanong:**

Dapat bang maglabas ang DCRFPD#2 ng buwis na $.76/$1,000 tinasang halaga para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya simula Hulyo 2024 sa loob ng limang taon? Ang panukalang ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**Buod:**

Ang panukala, kung maaprubahan, ay nagbibigay pahintulot sa Deschutes County Rural Fire Protection District #2 (DCRF- PD#2) na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang taunang halaga ng mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at medikal na emerhensya. Ang panukala ay maglalabas ng lokal na opsyon na buwis pang-operasyon sa halagang hindi lalampas sa $0.76 bawat $1,000 tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2024. Ang naunang buwis na $.20/$1,000 tinasang halaga ay magtatapos sa Hunyo 30, 2024, at sa pagtatapos nito ay papalitan ng buwis na ito. Ang kita mula sa buwis ay gagamitin para magkaroon ng sapat na tauhan at may layuning matiyak na sapat ang oras ng pagtugon. Maaari ding suportahan ng pagpopondo ang karagdagang pagsasanay at kagamitan na kinakailangan upang mapanatili ang mga serbisyo. Ang halagang $.76 na sentimo bawat $1,000 tinasang halaga ng ari-arian ay inaasahang makakalikom ng humigit-kumulang $17,333,000 sa loob ng limang taon. Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong nakuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring nagpapakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

Ang mga tinatayang kita sa loob ng 5 taon ay:

| | |
|---|---|
| 2024-2025 | $3,080,000 |
| 2025-2026 | $3,262,000 |
| 2026-2027 | $3,455,000 |
| 2027-2028 | $3,660,000 |
| 2028-2029 | $3,876,000 |

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang panukala, kung maaprubahan, ay magbibigay pahintulot sa Deschutes County Rural Fire Protection District #2 na magpataw ng mga buwis para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya sa halagang $.76 na sentimo bawat $1,000 tinasang halaga ng ari-arian sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2024. Kung maaaprubahan, ang pagpapataw ng buwis ay makakalikom ng tinatayang $3,080,000 sa piskal na taong 2024-25, at tinatayang kabuuan na humigit-kumulang $17,333,000 sa loob ng limang taon. Inaprubahan ng mga botante ang $.20/$1,000 tinasang halaga para sa mga serbisyo sa pagpatay ng sunog at emerhensya noong 2014 at 2018; magtatapos ang buwis na iyon sa Hunyo 2024.

Ang Bend Fire & Rescue ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa pag-apula ng sunog, pangangalagang pang-medikal na emerhensya at transportasyon, teknikal na pagsagip, at pag-iwas sa sunog. Ang pangangailangan sa mga serbisyo para sa pagpatay ng sunog at emerhensya ay patuloy na tumataas. Sa pagdami ng tawag, dapat na magdagdag ng kinakailangang kawani na makatutugon para maibigay ang mataas na pangangailangang ito at mapanatili ang naaangkop na mga oras ng pagtugon sa tawag. Ang kita mula sa buwis na ito ay gagamitin upang magdagdag ng mga tauhan para matiyak ang sapat na mga oras ng pagtugon sa emerhensya, na magdudulot ng mas mahusay na mga resulta sa pasyente. Maaari ding suportahan ng pagpopondo ang karagdagang pagsasanay at kagamitan na kinakailangan upang mapanatili ang mga serbisyo.

Kung maaprubahan, ang iminungkahing buwis ay gagamitin para sa pagbayad ng mga sumusunod:

- Pagpapanatili ng mga tauhan upang matiyak na may sapat na kawaning makapagbibigay ng mga napapanahong serbisyo sa mga sitwasyong pang-emerhensya.
- Pagdaragdag ng bumbero/mga paramedic na magsisilbing tauhan sa ikaapat na Advanced Life Support na ambulansya upang makaalinsabay sa pagdami ng mga tawag para sa mga medikal na emerhensya.
- Pagdaragdag ng mga Emergency Medical Technician na magsisilbing tauhan sa pangalawang Basic Life Support na ambulansya na maaaring tumugon sa mga tawag na walang banta sa buhay at panatilihing mayroong mga sasakyang pang-emerhensya.
- Bumbero at kagamitang pangkaligtasan para sa medikal na emerhensya.
- Mga kasangkapan para sa pag-apula ng sunog at medikal na emerhensyang pagtugon.
- Mga pagpapahusay sa teknolohiya.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Gary Marshall, Executive Director para sa Deschutes County Rural Fire Protection District #2*

# Panukalang-Batas 9-160 – Sisters Park & Recreation District

**Caption:**

**Muling ipagpatuloy ang limang taong pagpataw ng buwis upang mapanatili ang mga programa at pasilidad panlibangan.**

**Tanong:**

Dapat bang ipagpatuloy muli ng SPRD ang $0.15 sa bawat $1,000 tinasang halaga upang mapanatili ang mga programa/pasilidad, simula 2023-2024, sa loob ng limang taon? Ipagpapatuloy muli ng panukalang ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**Buod:**

Noong Mayo 2018, inaprubahan ng mga botante ang lokal na opsyon na buwis na $0.15 bawat $1,000 tinasang halaga ng ari-arian upang suportahan ang mga programa at pasilidad ng Sisters Park & Recreation District na magtatapos sa Hunyo 2023. Ang panukalang ito ay hindi magdudulot ng pagtaas ng kasalukuyang mga buwis at ipagpapatuloy muli ang kasalukuyang buwis sa loob ng limang taon sa parehong halaga na naaprubahan noong 2018.

Ang Sisters Park & Recreation District ay gagamit ng mga pondo upang mapanatili ang mga programa at serbisyo, kabilang ang mga programa para sa mga kabataan na inaalok sa mga bata mula preschool hanggang high school; mga programa para sa mga nasa hustong gulang anuman ang edad, kabilang ang mga senior citizen, na nakatuon sa kalusugan, pagkakaroon ng mabuting pangangatawan, at edukasyon; mga kaganapan sa komunidad para sa lahat ng edad, at pagpapanatili ng skatepark, disc golf course, parkeng pambisikleta, at sentro ng komunidad.

Ang may-ari ng isang bahay na tinatasang nagkakahalaga ng $255,000, ang katamtamang (median) tinatasang halaga ng ari-arian sa Sisters Park & Recreation District, ay magbabayad ng mas mababa sa $3.19 bawat buwan o $38.25 bawat taon.

Ang iminumungkahing halaga ay makakalikom ng tinatayang $277.352 sa 2023-24; $289.833 sa 2024-2025; $302.875 sa 2025-2026; $316.505 sa 2026-2027; at $330.748 sa 2027-2028 na may kabuuang $1,517,313.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Isa itong muling pagpapatuloy ng lokal na opsyon na buwis para sa Sisters Park & Recreation District na ipinasa noong 2018. Kung muling ipagpapatuloy, ang Sisters Park & Recreation District (SPRD) ay pahihintulutang ipagpatuloy muli ang buwis sa kasalukuyang halaga na $0.15 bawat $1,000 tinasang halaga ng ari-arian upang mapanatili ang mga programa at pasilidad ng distrito. Ang may-ari ng isang bahay na may kabuuang tinasang halaga na $255,000, ang katamtamang (median) kabuuang tinasang halaga ng ari-arian sa Sisters Park & Recreation District, ay magbabayad ng mas mababa sa $3.19 bawat buwan o $38.25 bawat taon. Sa taong ito, ang lokal na opsyon na buwis ay nagbigay ng humigit-kumulang $260,403 karagdagang pondo sa distrito, na 20% ng taunang badyet ng distrito.

Ang Sisters Park & Recreation District ay nagbibigay ng mga natatanging oportunidad na panlibangan na makakapagpaganda sa kalidad ng paninirahan sa komunidad ng Sisters. Ang SPRD ay isang distrito ng pagbubuwis na may espesyal na layunin, na hindi sakop ng Lungsod ng Sisters, na ang mga hangganan ng serbisyo ay malapit na kahanay ng Sisters School District, kabilang ang lungsod, maliban sa Black Butte Ranch.

Kabilang sa mga programang ibinibigay ng distrito ay ang buong araw na pangangalaga sa preschool, pangangalaga pagkatapos ng klase (afterschool), palakasan pangkabataan (youth athletics), middle school youth center, summer day camp, pagkakaroon ng mabuting pangangatawan para sa mga nasa hustong gulang (adult fitness), palakasan para sa mga nasa hustong gulang (adult athletics), pagpapahalaga sa mga senior citizen (senior enrichment), at mga kaganapan sa komunidad. Bukod pa rito, ang distrito ay nagpapanatili ng skatepark, parkeng pambisikleta, disc golf course, at sentro ng komunidad.
Nagbigay-daan ang pag-apruba ng 2018 lokal na opsyon na buwis sa distrito upang bawasan ang mga hadlang para sa paglahok sa pamamagitan ng pagbaba ng mga bayarin sa programa pagkatapos ng klase (afterschool program) at pagtaas ng mga scholarship sa distrito nang 233% para sa mga pamilyang may mababang kita. Nagbigay-daan ang mga pondo mula sa lokal na opsyon na buwis sa distrito upang palawakin ang mga ibinibigay para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad. Nagawa rin ng distrito na mapabuti at mapahusay ang pagpapanatili ng Coffield Center, skatepark, disc golf park at parkeng pambisikleta. Bukod dito, nagbigay-daan din ang mga pondo mula sa lokal na opsyon na buwis na makamit ng distrito ang katatagan sa pananalapi sa pamamagitan ng pagbuo ng naaangkop na mga reserbang salapi (cash reserves), para hindi na mangailangan ng mga panandaliang pautang upang mapanatili ang operasyon.

Ang kita mula sa muling ipinagpatuloy na buwis ay gagamitin upang mapanatili at mapalago ang kasalukuyang mga antas ng programa at serbisyo at mapanatili at

mapalawak ang mga pasilidad ng distrito para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad. Kung maaprubahan, makakatulong sa distrito ang buwis upang:

- madagdagan ang kapasidad sa pangangalaga ng bata;
- mapalawak ang mga aktibidad, programa, at kaganapan para sa libangang pang-matatanda;
- pondohan ang mga programa ng kabataan at senior citizen upang mapanatiling abot-kaya ang mga bayarin at napapakinabangan ang mga programa;
- mapanatili ang mga antas ng kawani para makapagbigay ng matatag na antas ng serbisyo sa komunidad;
- mapahusay ang mga pakikipag-ugnayan para mapalawak ang operasyon; at
- mapanatili at mapalawak ang mga pasilidad ng distrito para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.

Kung hindi maaprubahan, ang distrito ay:

- kailangang magbawas ng badyet nito nang humigit-kumulang $277,352 taun-taon o humigit-kumulang 20%; • taasan nang husto ang mga bayarin sa pagpaparehistro sa programa;
- magbawas o mag-alis ng ilang programa at serbisyo; at
- magbawas ng mga pamantayan sa pagpapanatili ng pasilidad

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Jennifer Holland, Executive Director ng Sisters Park & Recreation District*

# Panukalang-Batas 9-161 – Sisters School District No. 6

**Caption:**

**Muling ipagpatuloy ang lokal na opsyon na buwis para sa operasyon ng paaralan, para sa limang taong termino.**

**Tanong:**

Dapat bang ipagpatuloy muli ng Distrito ang $.75 bawat $1,000 tinasang halaga nito para sa pangkalahatang operasyon, simula 2023-2024, sa loob ng limang taon? Ipagpapatuloy muli ng panukalang ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**Buod:**

Noong Mayo ng 2018 inaprubahan ng mga botante ang muling pagpapatuloy ng lokal na opsyon na buwis sa halagang $.75 bawat $1,000 tinasang halaga para suportahan ang Sisters School District, magtatapos ito sa Hunyo 2023. Ipagpapatuloy muli ng panukalang ito ang buwis na magtatapos sa Hunyo 2023 sa loob ng limang taon sa parehong halaga na inaprubahan ng mga botante noong 2000, 2004, 2013 at 2018. Gagamitin ng Sisters School District ang mga pondo mula sa buwis para mapanatili ang mga kasalukuyang programa at antas ng kawani na nanggagaling sa magtatapos na buwis. Nagbigay ang kasalukuyang buwis ng humigit-kumulang 10% ng taunang mapagkukunan para sa operasyon ng distrito ng paaralan sa nakalipas na apat na taon. Ang pagpopondong ito ay katumbas ng humigit-kumulang 16 na guro at pansuportang kawani o 21 araw ng pagpasok sa paaralan.

Ang may-ari ng isang bahay na tinasang nagkakahalaga ng $500,000 ay magbabayad ng $31.25 bawat buwan o $375.00 bawat taon.

Para sa sumusunod na limang taon, ang mga buwis ay tinantantyang nasa:

| | |
|---|---|
| 2023-2024 | $1,800,000 |
| 2024-2025 | $1,854,000 |
| 2025-2026 | $1,909,000 |
| 2026-2027 | $1,969,909 |
| 2027-2028 | $2,025,915 |

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Itinatag ang Lokal na Opsyon na Buwis ng Sisters mula pa noong 2000 at ipinagpatuloy muli ng mga botante ng Sisters School District noong 2004, 2009, 2013 at 2018. Kung ipagpapatuloy muli sa 2023, ang iminungkahing buwis ay magbibigay sa Sisters School District (SSD) sa pagpapatuloy ng mga lokal na buwis na ito ng halagang $.75 bawat $1,000.00 tinasang halaga ng isang ari-arian sa susunod na limang taon. Ang

isang bahay na tinasang nagkakahalaga ng $500,000 ay magbabayad ng $31.25 bawat buwan o $375 bawat taon. Sa taong ito, ang Lokal na Opsyon ay nagbigay sa Distrito ng humigit-kumulang $1,800,000 na dagdag sa $18.5 millyon na badyet nito o mga 10% ng taunang badyet ng Distrito.

Kung hindi muling ipagpatuloy, ang Distrito ay kailangang magbawas ng average na $1,800,000 taun-taon mula sa badyet sa susunod na limang taon. Ang pagkawala nito ay katumbas ng pagbawas ng 21 araw ng pasukan o 16 na guro at iba't ibang pansuportang kawani o ang pag-aalis ng espesyal na programa tulad ng aviation, sining, musika, palakasan (sports), at iba pang mga extra-curricular na oportunidad.

Dahil sa mahalaga at hindi matantyang pagpopondo mula sa Estado ng Oregon, pinahintulutan ng Lokal na Opsyon ng Sisters ang Distrito na panatilihin ang mga araw ng pagpasok sa paaralan, gayon din ang mga kawani na may matataas na kwalipikasyon, pati ang mga maliliit na klase, at mag-alok ng isang kumpletong programang pang-akademiko kabilang ang honors at Advanced Placement na mga kurso. Pinopondohan ng Lokal na Opsyon ang mga iniaalok na programang pagpapahusay (enriched program) kabilang ang inter-disciplinary environmental education, isa sa tatlong Luthier program sa bansa, aviation, musika, sining, mga wikang banyaga, at mga co-curricular na aktibidad at palakasan (sports).

Nakatuon sa kahusayan ang Sisters Schools. Sa panahong 2021-22:

- Kabilang sa mga pinakamataas sa Central Oregon ang mga marka sa pagsusulit ng Sisters Schools.
- Mayroon kaming mga Tagapayo sa Paaralan (School Counselor) sa bawat gusali.
- Ang porsyento ng mga nagtatapos sa Sisters High School ay nasa mga 90 sa nakaraang apat na taon—nananatiling mataas sa 10% na average ng estado.
- Sa 197 na distrito ng paaralan sa Oregon, nasa ika-13 ranggo ang Sisters bilang Pinakamahusay na Distrito sa estado ayon sa Niche.

Ang mga miyembro ng komunidad ng Sisters ay nagkakaisa sa aming pangako na magbigay sa lahat ng mga mag-aaral ng kailangan nilang edukasyon upang maabot ang kanilang buong potensyal. Sama-sama naming sisiguruhin na natututo araw-araw ang lahat ng mag-aaral at sa bawat klase at magtatapos sa Sisters High, nang handa para sa kolehiyo o karera, na may mga mahahalagang kasanayan para maging matagumpay.

Sa pamamagitan ng pagsuporta sa Lokal na Opsyon sa nakalipas na dalawampung taon, patuloy na pinagtitibay ng mga mamamayan ng Sisters ang halaga ng edukasyon sa kanilang komunidad.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni Curtiss Scholl ng Sisters School District.*

# Proseso ng Halalan sa Deschutes County

**Ika-1 Hakbang Pagrerehistro ng Botante**
Upang magparehistro para makaboto, kinakailangan mong magbigay ng balidong pagkakakilanlan na nagpapatunay na kwalipikado kang bumoto. Pagkatapos suriin at beripikahin ang iyong impormasyon, ipapasok namin ito sa aming database ng rehistrasyon ng mga botante.
ORS 247.012

**Ika-2 Hakbang Pagsubok ng mga Kagamitan sa Halalan**
Gumagamit kami ng kagamitan sa halalan na nasertipika ayon sa mga pamantayan ng Estado at Pederal. Sinusubok namin ang aming kagamitan sa halalan bago, sa panahon, at pagkatapos ng bawat halalan.
ORS 254.235

**Ika-3 Hakbang Ang mga Balota ay Ipinapadala sa Koreo**
Ang lahat ng nakarehistrong botante ay papadalhan ng pakete ng balota sa koreo na naglalaman ng kanilang balota at sobre para sa pagbabalik ng balota na may naka-print na security weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong pagiging pribado at pagiging lihim ng iyong boto. Binibigyan namin ang mga nakarehistrong botanteng Naka-uniporme at Sibilyan na Nasa Ibang Bansa ng access sa kanilang balota sa pamamagitan ng koreo o online portal.
ORS 253.065, 253.545, 254.470

**Ika-4 na Hakbang Pagkolekta ng Balota**
Sa Deschutes County, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa pamamagitan ng koreo o sa isa sa aming sampung Opisyal na Lugar ng Hulugan ng Balota, na madaling matatagpuan sa buong county. Kinokolekta ang mga balota na nasa mga Hulugan ng Balota, at ang mga balotang ipinadala sa koreo ay tinatanggap sa aming Opisina ng Clerk na matatagpuan sa Deschutes Services Building para sa pagbilang ng balota.
ORS 254.4

**Ika-5 Hakbang Beripikahin ang Pagiging Kwalipikado ng Botante**
Pagkatanggap ng iyong balota, ipinapadala ito sa pamamagitan ng aming ballot envelope sorting machine, na nagsa-scan ng larawan ng iyong pirma habang pinagbubukod-bukod ang inyong mga balota ayon sa presinto ng pagboto. Bineberipika ng mga sinanay na kawani ng halalan ang pirma mo sa sobre sa pamamagitan ng paghahambing  nito sa iyong pirma sa file sa database ng rehistrasyon ng botante.
ORS 247.012, 247.019, 247.025, & 254.470

**Ika-6 na Hakbang Pagproseso ng mga Balota**
Kung parehas ang iyong mga pirma, ang iyong sobre ng balota ay bubuksan. Kung hindi sila magkatugma, makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang malutas ang isyu para mabilang namin ang iyong balota. Kung nasira ang balota o naglalaman ng mga marka na hindi mabasa ng makina, ibubukod namin ito para sa manwal na pagsusuri. Ang layunin namin ay bilangin ang lahat ng kwalipikadong balota tulad ng nilalayon ng mga botante.
ORS 254.478

**Ika-7 Hakbang Pag-scan ng Balota at Pagbilang**
Pagkatapos tanggalin ang mga balota mula sa mga sobre nito, ini-iscan namin ang mga balota at binibilang ang lahat ng balidong boto para matukoy ang mga resulta ng bawat kategorya sa halalan. Ang aming sistema sa pagboto na sinertipika ng pederal at estado ay ligtas at hindi kailanman konektado sa internet.
ORS 254.485, 254.500

**Ika-8 Hakbang Paghatol sa Balota**
Sinusuri ng mga team na binubuo ng dalawang kawani mula sa magkaibang partidong pampulitika, kung ang mga balota ay sira, may hindi dapat na marka, o may mga pagwawasto, kulang na pagboto, sobrang pagboto, at mga blangkong kategorya upang beripikahin ang nilalayon ng botante at tiyakin ang tamang pagbilang. Itinatago ang lahat ng balota sa isang ligtas na lokasyon na binabantayan sa lahat ng oras.
ORS 254.476, 254.482, 254.483

**Ika-9 na Hakbang Hindi Opisyal na mga Resulta ng Halalan**
Nagsisimula kaming maglathala ng mga hindi opisyal na resulta pagkalipas ng 8pm sa Araw ng Halalan. Hindi opisyal ang mga resulta hanggang sa lumipas na ang lahat ng deadline sa pagbabalik ng balota at pagkatapos naming mabilang ang bawat isang balidong balota na natanggap namin.
ORS 254.545
**Hanapin ang mga hindi opisyal na resulta sa** deschutescounty.gov/electionresults

**Ika-10 Hakbang Sertipikasyon ng Opisyal na mga Resulta**
Pagkatapos suriin at beripikahin ng Board of Canvassers ang kinalabasan ng halalan, sinesertipika ng county ang mga opisyal na resulta ng halalan.
ORS 254.545(3)

**Inilalathala ang mga sertipikadong resulta ng halalan 27 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan sa** deschutescounty.gov/electionresults

**Ika-11 Hakbang Pag-audit**
Ang mga pag-audit ay normal na pamamaraang bahagi ng bawat halalan para mabawasan ang pagkakamali at panlilinlang. Ginagamit namin ang mga pag-audit para

kumpirmahin na tumpak na binasa at binilang ng mga kagamitan ng halalan ang mga balota ng botante, at sinasalamin ng kinalabasan ng halalan ang pagboto ng mga botante, at sinunod ng mga kawani ng halalan ang mga patakaran.
ORS 254.529

**Ika-12 Hakbang Pagtatago ng Balota**
Ligtas naming itinatago nang dalawang taon ang lahat ng balotang papel, at iba pang mga rekord bilang bahagi ng opisyal na talaan. Pagkalipas ng dalawang taon, sinisira ang mga balota.
OAR 166-150-0035(14)(a)